Rehiyon ng Pacific Northwest
Rehiyonal na Tanggapan
Edith Green-Wendell Wyatt Federal Building
1220 S.W. 3rd Avenue
Portland, OR 97204 www.fs.usda.gov/r6

Bagong Labas

Makipag-ugnayan: Glen Sachet, 503-808-2790
Aleta Eng, 425-783-6017

Hunyo 22, 2015

Alok para sa "On Demand" na Interpretasyon sa Telepono ng Mga Pambansang Kagubatan sa Washington at Oregon

Portland, Ore. Inanunsyo ng Rehiyon ng Pacific Northwest ng Serbisyo sa Kagubatan ng USDA (USDA Forest Service) ang isang kauna-unahang serbisyo sa "on demand" na interpretasyon sa telepono upang pahusayin ang serbisyo sa publiko sa mga taong hindi Ingles ang katutubong wika.

Ang kauna-unahang ito ay direktang resulta ng dedikasyon ng Rehiyon sa pagiging bukas at pagiging madaling lapitan para sa mga pinaglilingkuran nilang komunidad.

"Nakatuon kami sa pagpapahusay ng access ng publiko sa mga programa ng Serbisyo sa Kagubatan upang mapaunlad ang mga bukas at may paggalang na pakikipag-unayan sa mga tao at komunidad na aming pinaglilingkuran," ayon kay Jim Peña, Regional Forester ng Pacific Northwest. "Ang ating Mga Pambansang Kagubatan at Grassland ay pinagmumulan ng ganda at inspirasyon, at sa ating lahat ito. Gusto naming tiyaking may access ang lahat sa impormasyong kailangan nila sa pakikiisa."

Maaaring mahadlangan ng limitadong kahusayan sa Ingles ang ganap na pakikiisa sa mga pederal na programa, kabilang ang mga proseso ng pagpapasya, pag-access ng mga mahalagang serbisyo at pag-unawa at paggamit ng mga karapatan. Halos 1 sa 5 tao sa buong bansa ang may limitadong kahusayan sa Ingles. Nilalayon ng Rehiyon ng Pacific Northwest na alisin ang wika bilang isang hadlang sa mga taong may limitadong kakayahan sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita o pag-unawa ng Ingles dahil sa kanilang bansang pinagmulan.

Nag-aalok ang bagong serbisyo sa telepono ng agarang interpretasyon sa wika sa mga tanggapan, sentro para sa bisita ng Serbisyo sa Kagubatan at sa labas ng mga ito kapag available ang serbisyo sa telepono sa lahat ng Pambansang Kagubatan sa Washington at Oregon. Hihilingin sa mga bisitang tukuyin ang kanilang wika, at tatawag ang isang tauhan ng Serbisyo sa Kagubatan ng isang espesyalita para sa interpretasyon. Ang kauna-unahang kontratang ito na gagampanan ng TransPerfect ay magbibigay ng interpretasyon para sa 170 wika. Ia-assess ang data ng tawag upang matukoy ang pangangailangan para sa mga serbisyo sa hinaharap.

Ang Rehiyon ng Pacific Northwest ay binubuo ng 16 na Pambansang Kagubatan, 59 na Tanggapan ng Distrito, isang Pambansang Lugar para sa Tanawin (Scenic Area) at isang Pambansang Grassland. Ang mga yunit na ito sa pamamahala ay binubuo ng 24.7 milyong acre ng lupain sa Oregon at Washington at may humigit-kumulang 3,550 empleyado. Upang matuto nang higit pa tungkol sa USDA Forest Service sa Pacific Northwest, mangyaring bisitahin ang http://www.fs.usda.gov/r6.

###

para sa ikabubuti nang lahat

Ang USDA ay provider at employer na nagbibigay ng patas na oportunidad